



ALAY BAYAN-LUSON, INC.

SEC REG NO. CN201109243 * TIN NO. 008-055-120

54 Rue de Parée St. L&S Subdivision, Brgy. Telabastagan, City of San Fernando, Pampanga
Tel.No. (045) 901-0299 Mobile No. 0926-686-2110 email add: alaybayan@gmail.com

BUKAS NA LIHAM KAY PANGULONG RODRIGO DUTERTE AT DSWD SECRETARY JUDY TAGUIWALO

Ang ALAY BAYAN-LUSON, INC. (ABI) po ay regional center ng Citizens' Disaster Response Center (CDRC) na nagpapatupad ng programa sa Gitnang Luzon at mga karatig lalawigan ng Regions 1 & 2. Ang ABI po ay siya ring NGO ng pinaslang na Dutch Missionary noong Hulyo 2012, na si Wilhelmus Geertman.

Kasalukuyan po kaming nagsasagawa ng mga relief delivery operations(RDO) kasama ng CDRC para sa mga biktima ng bagyong Karen at Supertyphoon Lawin. Nakapaghatid na po kami ng kagyat na tulong sa dalawang(2) barangay ng Gabaldon, Nueva Ecija, 3 barangay ng Baler, Aurora, 2 barangay ng Sta Cruz Zambales at 3 barangays sa Bagulin, La Union.

Nakatakda na po sana bukas Oktubre 24, ay ang delivery ng 300 relief packs para sa tatlong (3) upper barangays ng Alfonso Castaneda Nueva Vizcaya at 100 relief packs para sa isang barangay ng Dupax Del Norte kung saan may mga naibuong Disaster Preparedness Organizations(DPO) sa pamamagitan ng aming mga DRR at Rehabilitation projects.

Napag-alaman po ng aming dalawang staff na pumunta ngayong Oktubre 23, 2016 sa Barangay Pelaway Alfonso Castaneda para mag prepare sa RDO, na tatlong buwang nagkampo sa kanilang lugar ang mga militar. Kinausap ang chairperson ng DPO na nabuo ng ABI at iniimbitahang isama sa detachment sa Carranglan Nueva Ecija dahil sa mga kwestyon nila sa aming NGO at sa organisasyong kanyang kinapapalooban. Hindi po pumayag ang nasabing Chairperson. Marami diumano silang tanong na hindi kayang sagutin ng DPO Chairperson kaugnay ng ABI at nagsabi na lamang siya na isasama na lang sa detachment nila ang aming mga staff kapag dumating. Hiningi din sa kanya ang pangalan ng lahat ng myembro ng kanilang organisasyon at isa-isang pinuntahan ng militar. Nagsabi din sila sa chairperson na inaabangan din nila ang aming mga staff para kwestyunin. Umalis lamang daw sila bago tumama ang bagyong Karen.

Napagkaisahan po namin with CDRC na hindi na muna isasagawa ang RDO kahit pa nagsabi ang kapitan at mga DPO members ng barangay Lipuga Alfonso Castaneda na kailangan nila ang relief dahil nasiraan sila ng pananim at may mga nasiraan ng bahay dahil sa dalawang nagdaang bagyo.

Sa ganitong sitwasyon, hindi po namin kayang isakripisyo ang seguridad at buhay ng aming mga development workers kaya iaatras muna namin ang nakatakdang relief delivery operation bukas kahit wala na ang detachment nila sa Pelaway dahil dadaanan din ang mga detachment ng army sa carranglan bago makaakyat sa upper barangays na nasabi.

Ang nakakalungkot po, habang ang DSWD ay mabilisan at seryosong tumutugon sa pinakamatinding tinamaan ng supertyphoon Lawin, ang mga ganitong relief efforts sa ibang apektadong lugar sa pamamagitan ng mga NGO na katulad namin at ng CDRC ay nababalam dahil sa militarisasyon.

Panawagan po namin:

LET THE CALAMITY SURVIVORS OF TYPHOON KAREN AND SUPETYPHOON LAWIN
RECEIVE THE MUCH NEEDED ASSISTANCE!
STOP HARRASSING DEVELOPMENT WORKERS!
ENSURE SAFETY OF RELIEF DELIVERY TEAMS!